# PAMAMARAAN NG REKLAMO NG TITLE VI

Ang sinumang taong naniniwala na siya nadiskriminahan siya laban sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinanggalingan ng Maryland Department of Transportation ay maaaring maghain ng Title VI complain sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsumite ng Title VI Complaint Form ng ahensya. Nag-iimbestiga ang Maryland Department of Transportation ng mga reklamong natanggap nang hindi hihigit sa 180 araw pagkatapos ng nasabing insidente. Magpoproseso ang Maryland Department of Transportation ng mga reklamo na mga kumpleto.

Sa sandaling matanggap ang reklamo, rerepasuhin ito ng Maryland Department of Transportation upang tukuyin kung may kapangyarihan ang aming tanggapan.  Makatatanggap ang nagrereklamo ng sulat ng pagkakatanggap na ipinapaalam sa kanya kung iimbestigahan man o hindi ng aming tanggapan ang reklamo.

Ang Maryland Department of Transportation ay may 60 araw para maimbestigahan ang reklamo. Kun kinakailangan pa ng impormasyon para maresolba ang kaso, maaaring kontakin ng Maryland Department of Transportation ang nagrereklamo. Ang nagrereklamo ay may 15 araw mula sa petsa ng sulat para ipadala ang hinihinging impormasyon sa nakatalagang imbestigador sa kaso.  Kung hindi kokontakin ang imbestigador ng nagrereklamo o hindi natanggap ang karagdagang impormasyon sa loob nang 15 araw, maaaring isara ng Maryland Department of Transportation ang kaso hinggil sa pamamahala.  Ang kaso ay maaaring maisara hinggil sa pamamahala at saka kung ang nagrereklamo ay hindi na ninanais na ipagpatuloy ang kaso.

Pagkatapos repasuhin ng imbestigador ang reklamo, magpapalabas siya ng isa sa dalawang sulat sa nagrereklamo: isang sulat ng pagsasara o isang letter of finding (LOF) – sulat ng kapasiyahan. Binubuod ng sulat ng pagsasara ang mga alegasyon at ipinapahiwatig na walang nagging paglabag sa Title VI at ang kaso ay isasara na.  Binubuod ng LOF ang mga alegasyon at ang mga panayam hinggil sa ibinibintang na insidente, at ipinapaliwanag kung magaganap ang anumang aksyong pangdisiplina, karagdagang pagsasanay ng miyembro ng kawani o iba pang akson. Kung hihilingin ng nagrereklamo na iapela ang desisyon, siya ay mayroong 10 araw pagkatapos ng petsa ng sulat ng pagsasara o magsusumite ang LOF ng nakasulat na kahilingan sa Secretary ng Maryland Department of Transportation o sa itinalaga ng Secretary gaya nang tinukoy sa sulat ng pagsasara o sa LOF.

Maaari ring maghain ang isang nagrereklamo nang direkta sa Federal Transit Administration, sa FTA Office of Civil Rights, 1200 New Jersey Avenue SE, Washington, DC 20590.

Kung kinakailangan ang impormasyon sa iba pang wika, kontakin ang Schreiber Translations, Inc., 1-800-822-3213, o Ad-Astra, 301-408-4242 o 1-800-308-4807.